



Armando Corpuz
Hepe ng Pulisya

Gabay ng Mamamayan sa mga Parangal, Inquiry (Pagtatanong), o Reklamo

Palaging sinisikap ng Milpitas Police Department na tumugon sa mga pangangailangan at ikinababahala ng mga tao ng komunidad na ito. Ang iyong mga katanungan (inquiry), reklamo, at parangal ay ginagamit para ipahiwatig ang kalidad ng pagganap at serbisyo ng inyong kapulisan.

Tinatanggap namin ang mga parangal para sa mga kawani na mahusay na pambihirang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin at hinihimok ang mga pagtatanong at reklamo tungkol sa kuwestiyonableng pagganap o mga pagkilos. Bagaman ginagawa namin ang bawat makatuwirang pagsisikap para makapagbigay ng mataas na antas ng serbisyo at pagganap, aming namalayan na hindi bawat pakikipag-ugnayan sa Police Department ay magiging kasiya-siya sa lahat ng may kinalaman.

Idinisenyo ang gabay na ito upang bigyan ka ng impormasyon hinggil sa paghahain ng reklamo ng mamamayan, parangal, o inquiry tungkol sa serbisyo ng pulisya. Masisiguro ko sa iyo na ang bawat empleyado ng kapulisan ay magsusumikap na ipagkaloob ang pinakamabisa at propesyonal na serbisyo hangga't posible. Gayunman, kung pakiramdam mong may kulang sa aming tugon, mangyaring ipaalam sa amin.

Salamat sa inyo,

Armando Corpuz

Hepe ng Pulisya

Paano parangalan ang pagganap ng empleyado?

Upang ipagbigay-alam sa amin ang isang katangi-taning pagganap ng empleyado, tawagan ang 408-586-2400 at hilinging makipag-usap sa isang Watch Commander, o maaari ka ring magpadala sa amin ng salaysay na inilalarawan ang katangi-tanging serbisyo sa Milpitas Police Department, Attn: Watch Commander, 1275 N. Milpitas Blvd, Milpitas CA 95035, o maaari kang pumunta sa City of Milpitas Web Site (www.ci.milpitas.ca.gov/government/police) at kumpletuhin ang form ng parangal (recommendation form). Maaari ka ring makakuha ng form ng parangal mula sa clerk ng front desk na nasa lobby ng pulisya.

Ano ang Citizen's Inquiry (Pagtatanong ng mamamayan)?

Ang Citizen's Inquiry ay anumang pakikipag-ugnayan sa isang mamamayan kaugnay sa isyu na ikinababahala tungkol sa pagganap o pag-uugali ng pulis. Hinahangad ng proseso ng Citizen's Inquiry na maresolba ang isyu, sa kasiyahan ng mamamayan, sa pamamagitan ng talakayan, pagpapaliwanag o paglilinaw sa isang naka-duty na superbisor. Ang Citizen's Inquiry ay maaaring maging isang reklamo ng mamamayan. Para mag-inquire,

tawagan ang 408-586-2400 at hilinging makipag-usap sa isang Watch Commander o personal na makipag-ugnayan sa lobby ng Milpitas Police.

Ano ang reklamo ng mamamayan?

Ang reklamo ng mamamayan ay isang alegasyon ng masamang asal ng empleyado na maaaring nalabag ang isang batas o patakaran o pamamaraan ng departamento.

Sino ang maaaring magreklamo?

Sinumang taong nakasaksi, o may direkta o matatag na kaalaman ng isang insidente ay maaaring magreklamo. Maliban lang kung umiiral ang hindi pangkaraniwang mga pangyayari, hinihiling namin na ang isang menor-de-edad (sinumang mababa sa edad na 18) ay samahan ng kanyang magulang o tagapag-alaga kapag nagreklamo.

Paano akong maghahain ng reklamo?

Ang reklamo ay maaaring gawin sa pamamagitan ng telepono, mail, o personal sa pamamagitan ng pagkumpleto ng *complaint form*. Makukuha ang complaint form sa Milpitas Police Lobby o online sa City of Milpitas website <www.ci.milpitas.ca.gov/government/police>. Bilang karagdagan sa pagkumpleto ng complaint form, kailangan ka naming gumawa ng nakasulat na pahayag na dinidetalye ang partikular na alegasyon at mga pangyayari sa insidente. Dapat ding kasama sa salaysay na iyon ang petsa at oras ng kaganapan, ang pangalan/numero ng badge ng empleyado o paglalarawan at pagkakakilanlan ng sinumang potensyal na mga saksi. Sa pagkumpleto, mangyaring i-print at lagdaan ang mga dokumento. Para maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, tawagan ang 408-586-2400 at hilinging makipag-usap sa isang Watch Commander. Para maghain ng reklamo sa pamamagitan ng mail, ipadala ito sa Milpitas Police Department, Attn: Chief of Police, 1275 N. Milpitas Blvd. Milpitas, CA 95035. Para personal na maghain ng reklamo, pumunta sa istasyon ng pulis sa 1275 N. Milpitas Blvd. Milpitas, CA at hilinging makipag-usap sa isang Watch Commander. Ang paghahain ng reklamo nang personal ay magbibigay ng pinakamabuti at pinakamabisang palitan ng impormasyon at mga materyales.

Ano ang pamamaraan ng reklamo?

Isasagawa ng Milpitas Police Department ang isang lubusang imbestigasyon ng insidente. Kasama sa imbestigasyon na iyon ang pakikipagpanayam sa mga angkop na saksi, kawani ng Pulisya, at pagkolekta ng ebidensya.

Ang itatagal ng imbestigasyon ay maaaring mag-iba-iba mula sa ilang linggo hanggang sa mangilan-ngilang buwan depende sa kasalimuotang uri ng reklamo. Sa pagpapasiya ng imbestigasyon ang lahat ng ebidensya at pahayag ay susuriin. Kung pagpapasyahan ng Chief of Police na lumabag sa batas, patakaran, o pamamaraan ang empleyado isasagawa ang aksyon ng pagtutuwid. Maaaring kasama sa aksyon na iyon ang pagsangguni sa tanggapan ng abogado ng distrito para sa kriminal na reklamo kung ang naturang aksyon ay nagbibigay katwiran.

Bagaman ipinagbabawal ng batas ng Estado ang pagpapalabas ng mga detalye ng imbestigasyon at anumang aksyong pangdisiplina, aabisuhan ka ng isang disposisyon sa pagpapasiya ng imbestigasyon. Makatitiyak na hinahangad naming magbigay ng dekalidad na serbisyo sa bawat aspeto ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang pag-iimbestiga ng iyong reklamo.